# Prologue

Napasiksik sa isang sulok ng masikip nilang barong-barong ang batang si Azul at pumalahaw sa sakit. Halos mapudpod ang mga ngipin niya sa mariing paglalapat tuwing tumatama sa balat niya ang sinturon ng amang si Donato. Pilit niyang tinitiis at kinakaya ang sakit at hapdi, pinapatatag ang utak kahit bumibigay na ang maliit niyang katawan.

Ocho años lang siya, payat na payat, at mahina ang pangangatawan. Sabi ng mga taga-health center, mababa daw ang timbang niya para sa kanyang edad. Sa edad niya ay nasa grade one pa lang siya dahil wala silang sapat na pera pantustos sa mga kakailanganin niya sa eskuwelahan.

"Wala kang kuwentang bata ka! Palamunin ka na nga, hindi ka pa maasahan dito sa bahay!" sigaw nito, nanlilisik ang mga mata. Lasing ito at pinagmumura siya. Nagalit ito dahil hindi agad siya nakapagsaing, paano'y masama ang pakiramdam niya at kanina pa masakit ang kanyang ulo.

"Donato, tama na iyan!" Namilog ang mga mata ng ina niyang si Estrella. Kakauwi lang nito mula sa pamamasura. Binitiwan nito ang hawak na sako at nilapitan agad siya saka mahigpit na niyakap ang

nanginginig niyang katawan, pinoprotektahan laban sa lalaki.

Inihagis ni Donato ang sinturon sa isang tabi. "P*tang inang buhay 'to! Pagsabihan mo iyang anak mo, ha! Lumalaking tamad iyan!" Halos masira ang pinto nang itulak iyon pabukas ng lalaki.

"Nanay, hindi ko po sinasadya. Pasensya na po. Masama po kasi ang pakiramdam ko," paliwanag ni Azul nang makaalis na ang ama, hindi maampat ang pagbulwak ng masagang luha mula sa kanyang mga mata. Ang katawan niya ay nangangatal pa rin sa pinaghalong takot at hapdi mula sa mga naiwang latay ng sinturon ng ama sa balat niya.

Tumango ang ina at kinabig ang ulo niya pahilig sa dibdib nito. Naririnig niya ang malakas na tibok ng puso ni Estrella. Humikbi ito, habang hagud-hagod ang likod niya. Ramdam niya ang pagyugyog ng mga balikat nito.

"Nanay, huwag na po kayong umiyak. Okay lang po—" Napangiwi siya nang biglang humapdi ang kanyang tiyan. Saka niya lang naalalang wala pa pala siyang kinakain mula kaninang umaga, at ngayon ay ala-una na ng hapon.

"Bakit, Azul?" nag-aalalang tanong ni Estrella, bahagya siya nitong inilayo sa katawan nito upang matitigan siyang mabuti.

"Masakit ang tiyan ko, 'Nay. Masakit na masakit po," daing niya.

"Hindi ka pa ba kumakain, anak? Halika."

Lumapit sila sa maliit na mesa at binuksan nito ang kaserola. Walang laman. At dahil hindi siya nakapagsaing ay wala ring kanin. Bumuntong-hininga si Estrella at may kinuhang supot mula sa bulsa. "Mga tira-tirang manok. Nakita ko sa basurahan. May laman pa. Hugasan na lang natin."

Inilagay nito sa palanggana ang nakuhang manok at hinugasan. Sumilip siya at pinanood ang ina sa ginagawa nito. "Puwede nating iprito iyan, 'Nay."

Gumuhit ang maliit na ngiti sa tuyong mga labi ni Estrella. "Gusto mo ba ng pritong manok?"

Tumango siya. "Opo!" Inignora na niya ang mga latay ng sinturon sa kanyang balat. Ayaw niyang mabahala ang nanay niya. Mahal na mahal niya ito. Mabait ang nanay niya. Nag-iisa lang siyang anak dahil nakitaan ito ng bukol sa matris at inoperahan. Hindi na ito maaaring magbuntis pa.

Kumanta ang nanay niya. Mahilig kumanta si Estrella at maganda ang boses nito. Malamyos at parang tinig ng anghel.

Tumingala siya sa mukha ng ina. Para sa kanya ay ito ang tanging ilaw at mabining haplos sa marahas at madilim na mundo. "Mahal na mahal kita, Nanay!" Yumakap siya sa baywang ng ina. Basta kasama niya ito, masaya na siya.

Mayamaya ay pinaupo na siya ni Estrella sa silyang gawa sa kahoy. Nagsimula na siyang kumain. Tahimik lang na nakatitig sa kanya ang

ina. Mukhang malungkot ito kahit na may maliit na ngiti sa mga labi.

"Bakit po, 'Nay?"

"Mahirap maging mahirap, anak. Kita mo nga at hindi ka namin mabigyan ng maayos na buhay. Kahit ang pinapakain namin sa 'yo ay mula pa sa tira-tira ng ibang tao."

"Okay lang naman po, Nanay! Parang lasang *Chicken Grill House* naman po!" Pilit niyang pinasisigla ang boses, kahit ang totoo'y malayung-malayo sa masarap na timpla ng sikat na restaurant ang lasa ng kinakain niya ngayon. Ayaw niyang maging malungkot lalo ang nanay niya.

Nangako ang ina niya sa kanya na kapag nagkapera ito ay dadalhin siya nito sa sikat na kainan, kakain sila, kahit ano pa raw ang gusto niya. Alam niyang malabong mangyari iyon pero itinatak niya sa utak niyang kapag malaki na siya, dadalhin niya ang nanay niya sa *Grill House*.

"Napakabuti mong bata, Anak. Ikaw na sana ang bahalang umunawa sa tatay mo, ha. Mainit lang ang ulo n'un, dahil wala na naman kami ni singkong duling." Hinawakan ng ina ang kamay niya at pinisil iyon. "Basta ikaw, anak, maging matalino ka, ha. Dapat makaahon ka sa kahirapan. Kahit ikaw man lang makatikim ng maginhawang buhay sa atin. Huwag kang pumares sa amin ng tatay mo. Naiintindihan mo ba ako?"

Ngumiti siya sa nanay niya para mapanatag

ang kalooban nito. “Huwag kang mag-alala, Nanay, yayaman ako. Yayaman tayo.” Kahit sa murang edad ay determinado na siyang yumaman. Magkapera. Gagawin niya ang lahat para maiahon sa kahirapan ang pamilya niya. “Pangako, Nanay, yayaman tayo,” mariin niyang bigkas.

# 1

Azul wanted to own a mansion. Gusto niya iyong mala-palasyo sa laki at Chateauesque ang estilo. Dapat may water fountain, iyong may disenyong kerubin. Ayon sa feng shui, suwerte raw iyon, dadami ang pera niya at magiging masagana ang takbo ng kanyang karera.

Gusto niya ring magkaroon ng sports car. Iyong kulay pula at tila turbo sa bilis kapag pinatakbo. Ni minsan ay hindi pa siya nagkaroon ng sariling sasakyan. Limang taon na lang treinta na siya. Pakiramdam niya ay napakabagal ng kanyang pag-usad at pag-asenso. Ocho años siya noon nang itanim niya sa utak na yayaman sila. Hanggang ngayon ay mahirap pa rin ang kanilang estado sa buhay. Hindi pa rin sila nakakaahon.

Nakapagtapos siya ng high school dahil sinikap niyang igapang ang kanyang pag-aaral. Kung anu-anong raket ang pinasok niya para lang magkapera. She was a small-time hustler. May mga pagkakataong kailangan niyang manloko ng tao dahil iyon ang utos sa kanya. She needed the money, kaya kahit mali at baluktot ay pinapatulan niya. She was never proud of it.

Kung may maipagmamalaki man siya, bukod sa

kanyang napakabuting ina, iyon ay ang katotohanang napanatili niyang malinis ang kanyang katawan. Many times, she was tempted to sell her body. Ano lang ba ang kapirasong hymen kung kapalit ay limpak-limpak na pera? But she couldn't do it. Hindi niya masikmura.

Pagka-graduate ng high school ay pumasok siya sa call center training scholarship program. Sinanay ang sarili para maging mahusay sa pag-unawa at pagsasalita ng lengguwaheng English. Pagkatapos ay nag-apply na siya sa isang Business Process Outsourcing Company.

Maayos naman ang unang buwan niya sa call center. Inbound iyon at ang gagawin lang nila ay i-activate ang cable box ng mga customers. Napakadali. Ang kaso, sunud-sunod ang natanggap niyang tawag mula sa mga utak kamoteng customers na wala nang ginawa kundi ang pagmumurahin siya.

Napikon siya dahil naalala niya ang tatay niyang lasenggo. Sumabog siya at sinigawan ang customer. Hindi pa nakuntento, bumanat pa siya ng, "*P*tang ina mo, tumahimik ka! Baka ipakain ko sa iyo ang itlog mo?*" Ayon, natanggal siya sa trabaho.

Nang mapatalsik siya sa call center ay bumalik uli siya sa dati—ang manloko ng kapwa. Hinihikayat niya ang mga taong mag-invest sa 'negosyo' na non-existent naman. Pero nang kamuntikan siyang ipakulong ng isa sa mga nabiktima niya ay nagdesisyon na siyang itigil ang masamang gawain.

Ngayon ay heto siya, maghapon nang naghahanap ng puwedeng pag-apply-an. Hindi na siya nag-almusal dahil maaga siyang umalis ng bahay dala-dala ang walang kuwenta niyang resume.

Bahala na.

Huminto siya sa tapat ng mall at nakisilong sa malaking payong ng tindera ng banana cue. "Manang, magkano po?"

"Fifteen pesos."

"Fifteen 'to? Ang mahal naman. Ang liit ng saging, Manang, ten pesos na lang iyan. Sige na po. Wala na kasi talaga akong pera, eh." Hinatak niya palabas ang loob ng bulsa para ipakitang walang-wala na talaga siya. Tapos ay lakas-loob niyang kinuha ang banana cue at kinagatan.

Nawindang ang tindera sa ginawa niya, tumaas ang maninipis nitong kilay. Kamukha na nito si Bella Flores na orihinal at primerang kontrabida ng Philippine Showbiz. "Paano pa ako aangal, kinagatan mo na agad? Saka tatawad ka na nga lang, lalaitin mo pa itong paninda ko! Akina na nga ang sampung piso mo at lumayas ka na!"

Ngumisi si Azul at inabot ang bayad sa tindera. "Sorry po," aniya, kahit ngumunguya at puno ang bibig. Inubos na niya ang banana cue at bumili ng tig-pisong tubig. Dumighay siya at umusal ng tahimik na pasasalamat sa Diyos dahil nabusog siya.

Pawis na pawis na siya at napuntahan na niya ang halos lahat ng maliliit na tindahan. Tumingin siya sa

entrada ng mall. Bakit kaya hindi niya subukan? Isa pa, mamamatay na siya sa heat stroke kapag nag-ikot pa siya.

"Baka naman ho puwede ako rito kahit tagahiwa lang ng kamatis at sibuyas sa kusina," pangungulit niya sa may-ari ng isang puwesto sa food court. "Kung hindi po ninyo naitatanong, magaling po akong magluto." Sino ang hindi gagaling kung palaging pagpag ang ulam nila? Natuto siyang gawan ng paraan para sumarap ang pagkain kahit galing iyon sa basura.

Umungol ang babaeng kausap niya, naaalibadbaran na sa kanya. "Hindi ko nga kailangan ng dagdag na tao rito! Nakukunsumi ako sa 'yo!"

Pinagkrus niya ang mga kamay sa tapat ng dibdib. "Sige, aalis na ako kung bibigyan ninyo ako ng libreng ulam." Hinayon niya ng tingin ang mga pagkaing naka-display sa harapan niya at itinuro ang sweet and sour shrimp. Mahal ang hipon at sa buong buhay niya ay isang beses pa lang siya nakakain niyon.

Nanlaki ang mga mata ng babae. "Hala, sige, basta tantanan mo lang ako! Kung ako sa 'yo, doon ka mambulabog sa shop ng mga mahal na abubot! Naghahanap ng sales assistant d'un!"

Kumislap ang mga mata niya. "Talaga po? Ano po ang pangalan ng shop?"

"*Val Amour Fashion Accessories*. Dali na, umalis ka

na!" pagtataboy nito sa kanya.

"Iyong pagkain ko po muna." Ngumisi siya. Akala siguro nito nakalimutan na niya ang sweet and sour hipon. Minsan lang siya makatsamba ng masarap na pagkain, eh, at makapal naman ang mukha niya kaya walang problema.

Nag-alangan si Azul na mag-apply sa *Val Amour Fashion Accessories*. Totoo ngang mamahalin ang mga abubot. Jusme, ngayon lang siya nakakita ng ipit sa buhok na five hundred ang presyo! Ano iyon gawa sa ginto? Ang flower headband, may diyamante siguro iyon, ang mahal din, eh.

"Hi!"

Napaigtad siya nang lumapit sa kanya ang napakagandang babae. Baka endorser. Wala siyang masabi sa kutis nito. Kung sasabihin nitong artista ito ay maniniwala siya. "H-hello," tugon niya, magalang ang tono ng boses.

"Is there anything I can assist you with? Naghahanap ka ba ng ipit sa buhok, singsing, kuwintas? Whatever that is, just tell me."

Natulala siya sa babae, nakamata lang siya rito. Ang galing nitong mag-English! Hindi iyon English ng mga lasing sa kanto nila. Ang ganda pa ng pagkakabigkas nito sa mga kataga. Lalo tuloy siyang nahiya rito. Halatang mayaman ang babae. Pino itong kumilos at aral ang mga ngiti. Walang dudang mataas ang pinag-aralan nito.

Bantulot siyang ngumiti. "N-naku, hindi kaya ng bulsa ko ang halaga ng mga abubot dito. Ano lang kasi… uhm… kuwan, may nakapagsabi kasi sa aking naghahanap daw ng sales assistant ang may-ari ng shop na ito."

Sinuyod siya ng tingin ng kaharap mula ulo pababa kaya medyo nailang siya. Ang suot niya ay lumang maong na pantalon at simpleng T-shirt na hindi pa sakto sa kanya ang sukat. Medium siya pero large ang T-shirt. Lumang sandals din ang sapin niya sa paa. Kita ang mga kuko niyang hindi pa man din niya nalilinis. Malay ba niyang may titingin pala sa mga kuko niya sa paa.

"I own this shop," anang babae. Hindi nabura ang palakaibigan nitong ngiti sa mga labi. "I'm Valeria Viste. Call me Valie."

"Ma'am Valie, ang ganda-ganda n'yo po!" hirit agad niya. Totoo naman iyon. Ito na yata ang pinakamagandang babae sa balat ng lupa. Bagay dito ang kantang *'Binibini'* ng *Brownman Revival*.

Umiling ito at iminosyon ang pinto malapit sa cashier. "Please, follow me."

"Saan po tatayo pupunta?"

"Nag-a-apply ka, di ba? Yes? Then, let us go to my office for your final interview."

"Final ho agad? Wala pong initial?"

"Oo, bakit ayaw mo ba?"

"Gusto ko po, Ma'am Valie, tara na po!"

Hindi kalakihan ang opisina ng boss niya pero

mamahalin ang mga kasangkapan. Nakahinga si Azul nang maluwag nang matapos ang interview. Akala niya ay tustado na siya paglabas ng opisina nito, pero mabait palang talaga ang babae. Tinanggap siya nito, at ibinigay sa kanya ang bakanteng posisyon.

Ang sabi ng bago niyang boss na maganda ay ayaw nito sa mga taong tamad. Hindi siya tamad kaya hindi niya poproblemahin ang bagay na iyon. Sanay siyang kumayod, kaya makakaasa itong hindi siya uupo lang maghapon at tutunganga. Tamad? Pumalatak siya. Iyon ang isang bagay na wala sa bokabularyo niya. Kung may katagang angkop sa kanya, iyon ay ang salitang 'ambisyosa.'

# 2

"Where are you going, Gelier?" natatarantang tanong ni Gavino sa nakatatandang kapatid. Ayaw ni Gelier Verratti na tinatawag itong 'kuya,' kaya naman Gelier lang ang tawag niya rito kahit na tatlong taon ang tanda nito sa kanya. He was twenty-seven and Gelier was thirty.

Pumanaog ito sa engrandeng hagdan. Sa uluhan nila ay mamahaling aranya na hindi biro ang halaga. Mayaman sila. Nakahiga sa pera. And for Gelier, who was not a bit interested in luxury and power, their wealth was a curse.

Naiintindihan niya ito. Gelier was seven, and he was only four when their mother left. Noong mga panahong iyon ay papabagsak na ang mga negosyo ng ama nila. Their father, Giovanni Verratti, was half-Italian. He chose to invest all his money in the Philippines because he wanted to be with his wife. Sa huli pala, kung kailan kailangang-kailangan ng ama nila ang kanilang ina, ay saka lumisan ang huli.

Their mother, Constancia del Carmen, was also from a rich family. Anak ito ng mahusay na businessman. Constancia was only twenty years old when she met Giovanni Verratti who was already

forty at that time. Twenty years ang tanda ng lalaki kay Constancia. But that did not stop him from loving her, and God, it was genuine love.

Nagpakasal si Constancia rito dahil sa pera at hindi dahil mahal nito si Giovanni. Kaya naman nang unti-unti nang bumabagsak ang mga negosyo ni Giovanni ay walang pagdadalawang-isip itong iniwan ni Constancia. She left and ran away with someone rich. Nakilala ng ina nila ang 'lover' nito sa isa sa mga social parties na dinadaluhan nito.

Nakita ni Gelier kung paano naghinagpis ang ama nila sa ginawang pag-iwan dito ng esposa. Giovanni was able to rebuild his empire but the old man became cold and distant. Hanggang sa huling sandali nito sa mundo ay dama nilang magkapatid ang sama ng loob at galit nito para kay Constancia.

Gelier vowed to find and marry a decent woman someday. Iyong hindi mukhang pera. Iyong mamahalin ito hindi dahil isa itong Verratti. Ayaw nitong matulad sa ama.

The members of the board and council of the *Verratti Conglomerate* wanted Gelier to take the CEO position, but the latter refused thrice. Mailap din ito sa mga reporters. Gelier was a very private person. Sa ngayon ay si Gavino ang tumatayong CEO ng Verratti. But he knew, deep inside, that Gelier would be the best man for the position. His older brother was wise and brilliant. Not once did he cower and he was oozing with authority.

"Honestly, I do not know yet. You know me, I hate planning my trips ahead. Kapag pinaplanuhan, hindi natutuloy." Kinuha nito ang katamtamang laking backpack at ipinatong sa kama.

"Why don't you use your expensive travel bag? Hindi mo iyon ginagamit, sayang naman." Regalo iyon dito ng isang senador.

Gelier chuckled. "I like my old buddy better," tukoy nito sa lumang itim na bag.

Tiningnan niya iyon. Gelier bought it last year, sa ukay-ukay! Imagine his shock when his older brother told him where he got the bag. Market day daw sa binanggit nitong lugar kada Biyernes at naglalatag ng mumurahing mga damit at kagamitan.

"Matibay ba naman iyan? Baka ilang piraso lang ng damit at mabutas na lang bigla?"

Gelier scrunched up his nose, grinning. "Kapag nabutas, di bibili ulit ng kapareho nito." Binuksan nito ang malaking tokador at kumuha ng ilang pirasong T-shirt. "I hate the labels in these shirts." Isinilid nito ang mga iyon sa loob ng backpack.

"What, you're only bringing three shirts with you?" hindi makapaniwala niyang tanong.

"Three shirts, two shorts, two boxer briefs," magiliw nitong pagtatama.

"Gaano ka katagal sa pupuntahan mo? Isang araw lang?"

"Hindi ko pa alam. A month or two?"

Namilog ang kanyang mga mata. "Are you crazy?

Ganoon ka katagal sa pupuntahan mo, pero iyan lang ang dala mo? You plan to walk around naked most of the time?"

Tumawa ito at lumapit sa kanya, tinapik ang balikat niya. "You worry too much, little brother. Matanda na ako. Ako na ang bahala sa sarili ko. But walking around naked sounds like a good idea to me," pagbibiro nito.

"I am worried, Gelier! Ang huling alis mo, umuwi ka rito nang may sugat sa balikat mula sa tama ng baril. You were shot, remember? And then those people with foul mouths aren't helping either. They keep on spreading fake stories. They told me you died! I nearly had a heart attack! Sabihin ba namang namatay ka at nasunog ang mukha at katawan mo? God, terible! Hindi ako makapaniwalang marami ang naniniwala sa mga taong iyon. Hindi ka kasi nagpapakita sa publiko!"

"Let them talk sh*t, I don't care. Ang importante ay buhay ako. Hindi ko kailangang lumitaw para lang matahimik ang kuryosidad nila." Bumuntong-hininga ito. "You, my brother, should really stop worrying. Minalas lang ako n'un. Pinagselosan ako ng kapitbahay ko. Akala siguro ay type ko ang misis niya."

Gavino eyed his brother. "At hindi nga ba?"

"Of course not. I want to find someone decent and single." Then, he paused and grinned. "Bonus na lang kung virgin. But virgin or not, it does not matter.

Ang mahalaga ay hindi siya kagaya ni Mama."

Napabuga si Gavino ng hangin, itinaas ang kamay. "Fine, I give up. I know that there's nothing I can do to stop you. Mag-iingat ka lang, Gelier. You are my only family left."

Bumuntong-hininga si Gelier. "I'll come back safe and in one piece, I promise. Malay mo rin, baka kasama ko na ang aasawahin ko pagbalik ko rito."

"I really hope you find her soon. Alam kong matitigil lang ang pagiging maligalig mo kapag nahanap mo na ang babaeng magpapatibok sa puso mo."

"Damn, did not think I would hear that from you." Isinukbit na nito ang backpack sa isang balikat. "Well, wish me luck, brother."

Mag-isang kumakain si Gelier sa karinderyang malapit sa mall. Kayang-kaya niyang kumain sa mamahaling restaurant, pero desisyon niyang sa karinderya mananghalian. Mula Maynila ay sa Cebu siya dinala ng kanyang mga paa.

"Excuse me, pare, puwede bang share tayo rito sa mesa mo?"

Tiningala ni Gelier ang nagsalita—lalaki at nasa beinte-seis marahil ang edad. Nakangiti ito sa kanya at mukha namang mabait. May dala itong tray na naglalaman ng inorder nitong kanin at ulam.

Tumango siya. "Sige, maupo ka."

"Salamat, pare." Luminga ito sa paligid. "Wala na

kasing bakanteng mesa. Ayaw ko namang lumipat sa katabing kainan dahil mas masarap magluto si Duday. Isa pa, magtatampo sa akin iyon kung lilipat ako sa kabila."

"Duday?" kunot-noo niyang tanong. *Sino si Duday?*

"Si Duday, my labs, gelpren ko. Siya ang nagluluto rito sa *Aida's*." Inginuso nito ang kinakain niyang adobong manok. "Masarap, di ba? Si Duday ang nagluto niyan!"

Hind malaman ni Gelier kung maiiling o mangingiti, kaya pinili na lang niyang tumango. "Masarap nga."

Ngumisi ang lalaki, natuwa sa sinabi niya. "Alam mo, okay ka! Ako nga pala si Ponce. Ikaw?" Hindi na nito inilahad ang kamay dahil naisawsaw na nito iyon sa suka.

"Gelier."

"Ngayon lang kita nakita rito, Gelier."

"Kakarating ko lang ng Cebu."

"Ano ang ginagawa mo rito? Bakasyon?" pang-uusisa nito.

Umiling siya. "Hindi. Wala akong sapat na pera para magbakasyon lang," pagsisinungaling niya.

"Wala kang pera? Kung ganoon ay kailangan mo ng trabaho. Hindi ka tatagal dito kung wala kang pera. May alam ako pero ang tanong, marunong ka bang kumalikot ng sasakyan?"

Mahusay siya sa pagkutingkuting ng sasakyan.

He loved cars. May sports car siya sa mansyon nila. Kaibigan niya rin ang mekaniko ng pamilya nila at marami siyang natutunan dito. "Oo naman."

"Ayos! Naghahanap ng dagdag na mekaniko sa talyer na pinagtatrabahuhan ko. Ano, gusto mo ba? Irerekomenda kita."

"Oo, sige. Salamat."

Bago sa kanya ang bagay na iyon—ang maghanap ng trabaho habang nasa bakasyon. Wala naman sa plano niya iyon. But he thought it was not a bad idea after all. Bakit nga hindi niya subukan? Para maiba naman.

Marami pang ikinuwento sa kanya si Ponce. Tahimik lang siyang nakikinig dito, ngumingiti, at nagbibigay ng opinyon kung hinihingi nito. Dalawang beses na ring lumapit sa kanila ang sinasabi nitong Duday kanina. Maganda ang babae at malagkit ang pagkakatitig sa kanya.

"Ang guwapo naman ng kasama mo, Ponce, ipakilala mo naman ako," hirit nito.

"Huwag kang ano diyan, ha, Duday, nadonselya na kita. Saka kaibigan ko 'to kaya hindi ako gagaguhin nitong si Gelier. Hindi ba, Gelier?"

Tumango siya at tipid na ngumiti. Inirapan lang sila ni Duday at padabog na itong bumalik sa kusina.

"Mukhang crush ka ni Duday. Akin siya, ha."

"Oo naman." Napatingin siya sa entrada nang may babaeng pumasok. Simple lang ang babae. Maikli ang buhok nito, lumampas lang nang kaunti

sa ilalim ng tainga. Kayumanggi ang kulay ng balat nito, makinis at pantay. Naka-floral T-shirt ito at kupasing pantalon. Halatang luma na rin ang suot nitong rubber shoes. But still, she looked stunning. Her breasts looked really heavy and proud, her waist was tiny, and her arse was a delight to see.

Siniko siya sa braso ni Ponce. "Type mo? Ang ganda, 'no? Kaya lang ubod ng taray iyan. Napakasuplada. Hindi mo makausap nang maayos."

Napatingin siya kay Ponce. "You know her?"

Napangiwi ang lalaki. "Oo, kilala ko, pero wala namang Inglesan, pare."

Napakamot si Gelier sa batok. "Pasensya ka na. Iyon nga lang din ang alam ko," palusot niya.

"'Kala ko naman magaling ka talaga sa English. Magdadalawang-isip na sana akong ipasok ka sa talyer, baka 'ka ko mas bagay ka sa call center." Tumawa ito.

Sumulyap uli si Gelier sa babaeng nag-aabot ng fifty pesos sa tindera. Bumili ito ng pancit at pritong isda.

"Si Azul. Sa shop ng mga abubot diyan sa loob ng mall siya nagtatrabaho. Pero huwag mo nang pangarapin, pare. Hindi ka papansinin niyan. Mayamang lalaki ang target niyan. Kaya tayong mga pobre at dukha ay ni ayaw niyang kausapin."

Natigilan siya. Nakaramdam siya ng panghihinayang. Interesado pa naman sana siya sa babae. Pero kung totoong pera lang ang mahalaga

rito ay huwag na lang. He did not need another woman like his mother in his life.

Tahimik lang na nakaupo si Gelier habang hinihintay na matapos si Mr. Maluway sa pagbabasa ng resume niya. The details he wrote in his resume weren't real, of course, except for his first name—Gelier.

"Gelier Romano?"

"Yes, Sir."

Nakakunot ang noo nito. The man should be around sixty. Para sa edad nito ay kapuri-puring magaling pa rin itong trumabaho ng mga sirang sasakyan. Ito ang may-ari ng de-klaseng talyer.

"Hanggang high school lang ang natapos mo?" tanong nito sa kanya.

"Yes, Sir," he lied and did not bother to supply more details.

Tumango si Mr. Maluway. "Saan ka nakatira? Nasaan na ang mga magulang mo?"

"Wala na po akong mga magulang. Bagong salta lang ho ako rito sa lugar ninyo. Nagbabakasakaling dito ko mahanap ang suwerte ko." Those things, at least, were true.

Saglit siyang natigilan nang matiim siyang pinakatitigan ng matanda. "Pinoy ka ba?"

Hindi niya puwedeng sabihing oo dahil halata namang hindi siya purong Pinoy. "May lahing Italyano, Sir." Hindi niya puwedeng ikaila ang bagay

na iyon. It was pretty obvious that he had a foreign blood in him.

His hair and eyes were the color of chestnut. Many had said that he owned a pair of unusual, striking eyes. It did not have anything to do with the eye color, kundi sa paraan ng pagtitig niya. Especially when his eyes narrow into an intent squint.

But it was his nose that commanded authority with its highlighted bridge. The shape of his nose was perfect that many sought to replicate.

His lips, on the other hand, was the one thing that softened his face. Mapula ang mga labi niya at malambot tignan.

He was tall. 6'2". Maganda ang pangangatawan, balisaksakan, at kapuri-puri ang hubog ng katawan niya.

"I see, mukha ka ngang foreigner," sang-ayon nito.

Tipid lang siyang ngumiti.

"Ayaw kong may nagdadala ng babae rito sa shop, ha." Muli siya nitong hinayon ng tingin mula ulo pababa saka umiling. "Mukhang dudumugin ng mga babae itong shop ko. Single ka ba talaga? Mukhang napakaimposible naman. Baka may naiwan kang asawa at mga anak sa kung saan?"

"Single po ako, walang sabit."

"Bakit wala ka pang asawa? Treinta ka na, hindi ba?"

"Hindi pa po dumarating ang babaeng para sa

akin." He smiled politely.

May mga iilang katanungan pa ang matanda bago siya nito dinala sa pinaka-shop. They talked about car parts. Bago natapos ang araw na iyon ay may trabaho na siya. Stay-in. He was okay with it, kahit na nakakuha na siya ng apartment at nakapag-deposito na ng bayad sa renta.

# 3

Nakasimangot si Azul habang naglalakad patungong *Gobong's Car Repair Shop*. De-klaseng talyer iyon at halos lahat ay doon inirerekomenda dahil magaling trumabaho ang mga mekaniko. Kilala niya rin ang may-ari niyon, si Mang Gobong Maluway, mabait at malusog pa rin sa kabila ng edad nito.

Napag-utusan siya ng boss niyang si Valeria na tingnan kung okay na ang sasakyan nitong nayupi ang unahan dahil sumalpok sa gate ng bahay nito. Her boss was a bad driver. At aminado naman ito sa bagay na iyon.

Hindi naman mabigat sa loob niya na sundin ang inuutos nito. Gusto pa nga niya iyon kasi sumisipsip talaga siya sa boss niya. Para sa kanya, wala namang masama kung sipsip man siya, ang mahalaga ay masipag siya at hindi tamad. Sinisigurado niyang sulit ang ipinapasahod sa kanya.

Naiinis lang siya dahil tinutukso siya nito sa bagong mekaniko ng shop. Gelier daw ang pangalan. Nabanggit na sa kanya ni Duday ang lalaki, guwapo nga raw. Kung hindi lang daw ito nadonselya ni Ponce ay walang pagdadalawang-isip nitong iaalay ang 'makipot na bulaklak' kay Gelier.

Lalo siyang napaismid. Ano naman kung guwapo? Kahit na ang Gelier na iyon pa ang pinakaguwapong lalaki sa buong mundo ay wala siyang pakialam. Ni sa panaginip ay hindi niya pinangarap makapag-asawa ng kagaya niyang hirap din sa buhay. Gusto naman sana niyang guminhawa.

Naiinggit nga si Azul sa Ma'am Valeria niya dahil parang nasalo nito ang lahat ng biyaya ng Diyos—maganda, sexy, mayaman, at higit sa lahat ay may ubod ng guwapo at yamang nobyo.

Eh siya? Hindi nabiyayaan ng malagatas na kutis, walang datung, wala ring mayaman na jowa. Hindi sa kanya importante ang face value, ang mas mahalaga ay kung may kuwarta ang bulsa.

Ang tatay niya, hindi naman sa pagmamayabang, pero habulin ng mga belyas dahil magandang lalaki lalo na noong kabataan nito. Pero nagamit ba nito ang hitsura para mapalamon sila ng nanay niya? Hindi!

"Azul, ikaw pala!" salubong sa kanya ni Ponce.

Tinanguan niya lang ito. Hindi niya pinagkakausap ang lalaki kasi nagpapapogi sa kanya. Eh, kung hindi ito isang libo't isang gago, alam na ngang kaibigan niya si Duday ay sumusubok pang pumorma sa kanya.

"Nandiyan ba si Mang Gobong?" Sa karinderya niya rin nakilala ang matandang may-ari ng talyer at dahil mabait ito ay magaan ang loob niya rito.

"Nasa loob, Azul, pasok ka."

"Sige na, Ponce, ako na ang bahala sa sarili ko. Bumalik ka na sa trabaho mo. Marunong akong maglakad mag-isa."

Sumimangot ang lalaki. "Napakasuplada mo naman."

"Ano ngayon?" Tinaasan niya ito ng kilay. Namumuro na talaga sa kanya si Ponce. Sana may batas na magsasabing puwedeng putulin ang 'hotdog' ng mga lalaking mahihilig sa 'karne' ng babae sa Pilipinas. Nakakainis kasi, eh. Napakalibog! May Duday na, titikim pa ng ibang putahe.

Naglakad na siya patungong opisina ni Mang Gobong, pero nahinto siya sa paghakbang nang makita ang lalaking nakatanghod sa makina ng sirang kotse. Puro grasa ang katawan nito, pero ang sarap titigan!

Wala itong suot na pang-itaas at naka-maong na pantalon lang. Kitang-kita ng makasalanan niyang mga mata ang malapad nitong dibdib na pinagpapawisan

Napalunok si Azul. Ang suwerte naman ng pawis. Napalunok ulit siya. Bumaba ang tingin niya sa washboard abs nito. T*ng-ina, ang titigas ng muscles! Hindi pa nakuntento at sumulyap pa siya sa regalong nasa pagitan ng mga hita nito. Napasinghap siya at natutop ang dibdib nang makita ang prominenteng umbok sa bahaging iyon.

"Magandang binibini, may maipaglilingkod ba ako sa iyo?"

Naparalisa lalo ang katawan niya nang lumingon ito sa kanya. Huling-huli nito kung saan nagpipiyesta ang mga mata niya.

"H-ha?" Nautal si Azul. Juskoh, ang guwapong lalaki! Hindi kaya isa ito sa mga bastardo ng diyos ng mitolohiyang Griyego? Kulay chestnut ang buhok at ang mga mata. Iba rin ito kung makatitig. Matiim. Mainit.

Lumapit sa kanya ang lalaki. May hawak itong abuhing tela at pinupunasan ang kumapit na grasa sa mga kamay.

Natuon sa mga kamay nito ang tingin niya. Ang hahaba ng mga daliri nito at parang ang sarap. Natilihan siya sa naisip. Ipinilig niya ang ulo. Gusto niyang sabunutan ang sarili.

"May ipapaayos ka rin bang kotse, Miss?" tanong nito sa kanya.

Bakit kaya hindi na lang ito mag-apply na DJ sa radyo? Ang ganda rin ng boses nito, eh. Malalim at baritono. Ito iyong taong kahit boses na lang marinig mo, kumpleto na ang araw mo.

"Miss?" Bahagya itong yumuko para silipin lalo ang hitsura niya.

Ang tangkad nito! Puwedeng basketball player. Malalaos si Natoy dito. Si Natoy ang basketball star sa lugar nila.

"Miss, okay ka lang? Hindi ka ba nakakapagsalita?"

Hindi ba nito narinig na may tunog namang lumabas sa labi niya kanina? "N-nakakapagsalita

ako!" Tumikhim siya, pilit na hinahamig ang sarili. Bakit kasi wala itong T-shirt? Nadi-distract tuloy siya sa abs nito. "P-pupuntahan ko lang si Mang Gobong."

"Natutulog si Boss. Masama ang pakiramdam. Napakainit kasi ngayong araw na ito."

Nadismaya siya. "Ah, gan'un ba? Sige, babalik na lang ako sa ibang araw."

"Sandali. Ano ba ang kailangan mo? Baka matulungan naman kita."

Bumuntong-hininga siya. "Tatanungin ko lang sana kay Mang Gobong kung okay na ang kotse ng Ma'am ko."

"Sino?"

"Valeria Viste."

Ngumiti ang lalaki na lalong nagpanginig sa puso niya. *T*ng-inang puso ka, bawal kang tumibok sa hindi mayaman!* sita niya sa sarili.

"Okay na ang kotse ng Ma'am mo. Sumunod ka sa akin." Tumalikod na ito.

Ayaw sana niya. Parang wala siya sa sarili, eh. Tama bang pagnasaan niya ito? Wala naman siyang problema sa mga mekaniko at nirerespeto niya ang mga ito. Hanga nga siya dahil hindi madali ang ginagawa ng mga ito. Pero ayaw lang talaga niyang makapag-asawa ng kagaya niyang hindi pa nakaaangat sa buhay. Hindi naman niya nilalahat, sapagkat alam niyang meron din namang mga mekaniko na maalwan ang buhay. Pero ang tingin

niya sa kaharap niya ngayon ay wala pang naiipong pera. Gusto kasi niya ay iyong katulad ng nobyo ng Ma'am Valeria na may sariling kompanya. Gusto niya rin namang matikman kung paano ang magbuhay-reyna.

"Miss? Dito," lingon sa kanya ng lalaki.

Napilitan siyang sumunod dito. Malapit na sa dulong sulok ang kinaroroonan ng sasakyan. Nagpalinga-linga siya sa paligid. Malayo na sa kanila ang ibang mekaniko.

"Natatakot ka ba sa akin?" natatawang tanong sa kanya ng lalaki.

Namilog ang mga matang humarap siya rito. Hindi niya nagustuhan ang sinabi nito. "Hoy, nananaginip ka! Bakit ako matatakot sa iyo?"

Nagkibit-balikat ito. His movements were very fluid. Hindi trying hard magpapogi.

"Wala, naisip ko lang. Kanina ka pa kasi hindi mapakali."

"Eh, problema ko na iyon. Bakit nangingialam ka?" pasuplada niyang tugon para pagtakpan ang pagkapahiya.

Tinapik nito ang hood ng kotse. "Kahapon pa tapos 'to. Gusto mong k'unin na?"

"Siyempre! Nandito na ako, eh, alangan namang ipagpabukas ko pa." Naiirita si Azul sa lalaki, pero mas naiirita siya sa sarili niya. Para siyang tanga na nakaharap ang crush, naiihi siya na natatae. Nakakinis!

"Ako nga pala si Gelier." Inilahad nito ang kamay.

"Ah, ikaw pala si Gelier," matabang niyang sabi, inignora ang pakikipagkamay nito.

Ibinaba nito ang kamay. Parang hindi naman ito na-offend. Umangat pa nga ang isang sulok ng mga labi nito. "Bakit? May nakapagkuwento na ba sa iyo ng tungkol sa akin?"

"Oo, pero hindi naman pala totoo. Hindi ka naman pala kaguwapuhan talaga. Exaggerated lang ang chismis," pagsisinungaling ni Azul.

Tumaas-baba ang malalago nitong kilay. "Talaga?" Mukha itong aliw na aliw sa kanya. Luminga sa paligid si Gelier at walang pasabing hinatak siya at isinandig sa gilid ng kotse.

Imbes na tumili ay naumid ang dila niya. First time iyon na hindi siya nakapagsalita. Kung ibang lalaki iyon, kanina pa niya nasuntok sa panga. Pero kakaiba kasi ang karisma at epekto nitong si Gelier sa kanya.

Pinisil ng lalaki ang baba niya, habang titig na titig sa kanyang mga mata. "Napakaganda mo, Azul…"

Kilala siya nito? Bakit alam nito ang pangalan niya? Hindi pa naman siya nagpapakilala rito, ah?

Bago pa niya mahulaan ang susunod nitong gagawin ay nakalapat na sa labi niya ang mga labi nito! His lips moved over her own, and his naughty tongue swept across her bottom lip, urging her to open her mouth. And she did. Nilaliman nito ang

paghalik sa kanya. Nang ipasok nito ang mainit na dila sa loob ng bibig niya ay muntik nang kumawala ang ungol mula sa kanyang lalamunan.

Si Gelier ang naunang kumalas dahil darang na darang na siya. Nawala na nga sa utak niya kung nasaan sila nang mga sandaling iyon. Ang alam lang niya ay masarap ang ginawang paggalaw ng mainit na mga labi ni Gelier at nakaliliyo ang sandaling paggalugad ng dila nito sa loob ng bibig niya.

"Ang lambot ng mga labi mo," anas nito, pinasayaran ng hinlalaki ang ibabang labi niyang namula nang bahagya. "Azul?" untag nito sa kanya nang hindi agad siya kumibo.

Para siyang binuhusan ng nagyeyelong tubig. Hinalikan siya nito! At nagpahalik naman siya! Sa katunayan ay in-enjoy niya ang halik na pinagsaluhan nila. Pero hinding-hindi niya iyon aaminin dito, magkamatayan na!

Nanlumumo siyang tumitig dito. "Bastos!" Mag-asawang suntok ang ibinigay ni Azul sa binata bago siya nagtatakbo palabas ng talyer.

# 4

Pabiling-biling sa kama si Azul. Kada ipipikit niya ang mga mata ay mukha ni Gelier ang nakikita niya. Hindi niya makalimutan ang lasa ng mga labi nito at ang paraan ng paghalik nito sa kanya. Napakasarap namang humalik ng mekanikong iyon.

Ibinaon niya ang mukha sa unan at impit na tumili. Naiinis siya sa sarili. Bakit ba bigla siyang naging marupok? Hindi siya ganoong klase ng babae. At hindi si Gelier ang unang lalaking nagpakita ng interes sa kanya.

May naka-date na nga siyang foreigner noon. Guwapo pero buraot, kaya hindi na siya lumabas ulit kasama ito pagkatapos ng pangalawang date. Ano ang mapapala niya roon?

Meron din siyang nakilalang negosyante kaso nagsisimula pa lang. Nagpapautang ito sa maliliit na tindahan. Hindi na niya itinuloy ang pakikipagmabutihan dito lalo na nang inalok agad siya ng kasal. Natakot siya. Paano kung malugi ito? Di nalugi rin siya.

Ang gusto niya ay iyong may maipagmamalaki na sa simula pa lang. May nakilala naman siyang may ibubuga. Hindi kaguwapuhan at walang sense

of humor, pero puwede na sanang pagtiisan. Ang kaso nalaman niyang may asawa pala at apat na anak. Ang kapal ng mukha. Mabuti na lang at hindi niya isinuko si 'muningning' dito na madalas nitong inuungot sa kanya. Kesyo wala raw siyang dapat na ikabahala dahil pananagutan naman daw siya nito. Napakasinungaling numero uno!

Napabuga si Azul ng hangin. Sana naman ibigay na sa kanya ang matagal niyang minimithing mayaman na jowa. Hindi na ito lugi sa kanya. Kahit na hindi niya mahal ay magiging tapat naman siya. At isa pa, birhen pa siya.

Never been touched pa si Muningning. Iyong itaas, slightly used. Nahawakan na nang minsan. Pero hindi pa naman nalamas at hindi rin nasayaran ng dila. Hanggang kaunting hawak lang ang ibinigay niyang permiso roon sa animal na may asawa pala. Takot din naman itong lumabag sa kung ano lang ang puwede, dahil sinabi niya ritong hindi siya magdadalawang-isip na putulin ang daliri nito sa kamay kapag may ginawa itong hindi niya nagustuhan.

Alam nito ang naging buhay ni Azul. Sapul pa lang ay mulat na siya sa marahas na mundo. Kaya batid nitong ciento porsyentong putol ang daliri nito sa kanya.

Kaya nagtataka nga siya kung bakit wala siyang ginawang karumal-dumal sa Gelier na iyon. Kung ibang lalaki lang iyon, pinutulan na niya ng dila. Pero

kakaiba ang mekanikong iyon ni Mang Gobong. Misteryoso. Nabahag ang buntot niya sa lalaki. Nautal siya at natulala! Hindi normal sa kanya ang mailang o mahiya. Malakas ang loob niya.

"Gelier..." Nakatulog siyang laman ng isipan ang binata.

Hinayon siya ng nagtataka na may halong panunuksong tingin ni Valeria, ang kanyang boss, mula ulo pababa. Halatang-halata ang pangingitim sa palibot ng mga mata niya.

"Nailabas mo na ba sa shop ang kotse ko?" tanong nito, sumimsim ng tsaa sa hawak na tasa. Nakaupo ito sa likod ng kaha.

"H-hindi pa po, Ma'am." Badtrip. Paano naman matutuwa sa kanya ang boss niya kung simpleng utos nito ay hindi niya magawa nang maayos? Ang bilin nito sa kanya ay ilabas na sa talyer ang kotse nito kapag okay na. Sigurado siyang natawagan na nito ang may-ari ng shop.

"Sabi ni Mang Gobong okay na raw iyon, ah? Gusto ko nga sanang ako mismo ang umasikaso niyon pero ayaw ni Leon, kaya ikaw ang pinakiusapan ko." Si Leon ang nobyo ng Ma'am Valeria niya.

Napayuko siya. "Sorry po, Ma'am." Huminga siya nang malalim. "M-may nangyari po kasing... h-hindi ko inaasahan."

Tumaas ang kilay ni Valeria. "And what is that?"

Ayaw niyang sabihin dito ang tungkol sa

nangyari sa kanila ni Gelier. Nahihiya siya rito at sa sarili niya. Makailang beses pa man din niyang sinabi rito na gusto niya ng mayamang jowa.

"W-wala lang ho iyon." Tumikhim si Azul at sinalubong ang mga mata ng boss na nangingislap sa kapilyahan. Hindi niya maintindihan kung para saan iyon.

"Someone saw the two of you kissing. You know, ikaw at si Gelier."

Napaubo siya nang wala sa oras, kasabay ng pagsabog ng init sa buong mukha niya. Kung sana ay lamunin na lang siya ng lupa.

Ibinaba ni Valeria ang tasa sa counter at lumapit sa kanya. Tinapik siya nito sa balikat. "You don't really have to worry, Azul. Naiintindihan ko kung bakit nagustuhan mo si Gelier. I mean, gosh, I have seen the guy with my own eyes and damn, he is hot. Para ngang international model, eh. Na-insecure pa si Leon sa tao."

Totoo naman iyon. Kung hitsura at tindig ang pag-uusapan ay hindi pahuhuli sa mga modelong anak-mayaman si Gelier. He really was hot and gorgeous. Kalmado rin itong magsalita at halatang matatag ang kalooban.

If only he was rich, wala sanang problema. Kung mayaman lang ito, ora-orada ay sasama siya sa binata. Pero hindi kasi ganoon ang kaso. Pareho lang din sila ng estado.

"Wala pong namamagitang espesyal sa amin ng

mekanikong iyon, Ma'am," pagtutuwid niya.

Tumawa ang babae. "I don't believe you. Tumingin ka na ba sa salamin? Your eyes say one thing while your mouth says another. You're just denying it, Azul."

Hindi siya nakapagsalita.

"Bueno, sige na, bumalik ka na sa puwesto mo. Kay Stella ko na lang ipapakuha ang kotse ko." Si Stella ay katrabaho niya. Nagpapabango rin ito sa Ma'am Valeria nila dahil nagpahiwatig ang boss na baka kailangan na nito ng supervisor para sa shop. Siya ang dapat na ma-promote at hindi si Stella.

Iyon nga ba ang dahilan niya? O dahil maganda rin si Stella? Maputi ito at makinis. Nakagat niya ang labi para pigilin ang nag-uumalpas na eksasperadong ungol mula sa lalamunan niya dahil mas inaalala niyang makakaharap ni Stella si Gelier at pangalawa na lang ang promotion.

"Ako na po, Ma'am!" giit niya. "Ako na lang po. Mamaya po pagkatapos ng shift ko, derecho na po ako d'un sa shop ni Mang Gobong."

Valeria's eyes twinkled. "Are you sure?"

"Yes po, Ma'am. Alam naman po ninyong gagawin ko ang lahat para sa inyo," sipsip niya.

Nagkibit-balikat si Valeria. "Okay. Thank you. Alam ko namang maaasahan talaga kita, Azul." Kinuha nito ang bag na nakapatong sa counter at isinukbit sa balikat. "Alas nueve pa ang out mo, hindi ba? Mag-early out ka na lang ulit. Say six?"

Tumango siya.

"Uuwi na muna ako. Ikaw na ang bahala rito."

Lumapad ang pagkakangisi niya. Hindi pa man ay ramdam na ramdam na niya ang pagiging bisor. "Ako na po ang bahala rito, Ma'am."

"Adios!"

Pagkaalis ni Valeria ay saka niya lang binalikan sa isipan ang problemang kailangan niyang harapin mamaya. Kung problema bang matatawag ang makaharap ang napakaguwapong si Gelier.

Kailangan niya lang sigurong tatagan ang sarili at itatak sa kukute niya na hindi ang isang tulad lang ni Gelier ang gusto niyang makasama habambuhay.

"Teka lang naman, Azul. Bagalan mo naman nang kaunti ang paglalakad. Hindi ako makaagapay sa iyo, eh. May lakad ka pa ba pagkatapos nito? Mukhang nagmamadali ka masyado," reklamo ni Duday.

Hinatak niya lang si Duday mula sa karinderya at pinilit itong samahan siya sa shop. Hindi niya kakayaning mag-isa at baka kung saan-saan na naman siya isandal ni Gelier.

"Bilisan mo kasi, gagabihin tayo sa bagal mong maglakad, eh. Kailangan ko nang makauwi sa bahay."

"Sino ba ang niloko mo? Alas nueve pa nga dapat ang out mo, eh. Pinag-early out ka lang ng boss mo dahil nautusan kang magpunta ng talyer ni Mang Gobong."

Hindi siya nakaimik dahil tama si Duday. Sumimangot na lang siya. "Basta bilisan mo na lang. Para ka naman kasing pagong kung kumilos."

"Oo na nga!"

Pagkapasok nila sa shop ni Mang Gobong ay si Ponce na naman ang unang sumalubong sa kanila. "Duday, my labs! Ano ang ginagawa mo rito? Na-miss mo na ako kaagad?" Kinabig nito ang nobya at mariin itong hinalikan sa labi. Hindi iyon basta halik lang. Iyon ang klase ng halik na parang nasa kainitan na ng pagtatalik.

Nag-iwas siya ng tingin. "Duday, tama na iyan," awat niya rito, nakapaling sa ibang direksyon ang mukha.

Parang walang narinig ang dalawa. Nainis na siya. Kung puwede niya lang pukpukin sa ulo si Duday ay ginawa na niya.

Napilitan tuloy siyang ibalik ang tingin kina Ponce at Duday. Nginisihan siya ng lalaki habang patuloy nitong hinahalikan ang nobya, tila nang-iinggit. Ang tsura nito! Para namang maiinggit siya sa ginagawa ng mga ito! Maryosep!

Inirapan niya si Ponce at iniwan na si Duday. Mag-isa na lang niyang tinungo ang opisina ni Mang Gobong. Derecho na siya sa opisina ng matanda dahil baka kung anu-ano na naman ang makita ng makasalanan niyang mga mata sa paligid. Huwag naman sanang ipahintulot na makakita na naman siya ng lalaking walang suot na pang-itaas!

Kumatok siya sa pinto ng opisina. Walang sumagot. Kumatok ulit siya. Wala pa rin. Inilapat niya ang tainga sa dahon ng pinto. Napakatahimik sa loob. Mukhang walang tao.

Gusto niyang manlumo. Ayaw na niyang bumalik uli sa lugar na iyon kaya kung puwede sana ay makuha na niya ang kotse ng Ma'am Valeria niya. Ang sabi naman ni Gelier kahapon ay okay na iyon.

Pinihit niya ang seradura at natuwa nang matuklasang hindi naka-lock iyon. Baka nakatulog lang sa loob si Mang Gobong. Talagang gigisingin niya ito.

Pagbukas niya ng pinto ay napasinghap siya sa bistang tumambad sa harapan niya—natutulog sa sofa si Gelier! May suot itong puting T-shirt at kupasing pantalon pero kakaiba pa rin ang epekto nito sa kanya.

Magulo ang buhok ng binata pero nakapagtatakang ang sarap pa rin nitong titigan.

Dapat ay lumabas na siya pero parang may sariling utak ang kanyang mga paa na naglakad pa palapit sa natutulog na binata. She squatted so her face was near his own.

Pinakatitigan niyang mabuti ang mukha ni Gelier. Mahahaba ang pilikmata nito. Ang ilong nito ay sobrang tangos. Ang mga labi nitong bahagyang nakaawang ay natural na mapula. Why was she so drawn to him? Ano ba ang mayroon sa lalaking ito?

Tumayo na siya at tatalikod na lang nang may

mainit na kamay ang humawak sa pupulsuhan niya. She automatically tensed. Naghugpong ang mga mata nila ni Gelier. God, nalulunod na naman siya sa mga titig nito.

"G-Gelier…"

"Kanina ka pa nakatitig sa akin. Bakit?" His lips twisted into a naughty grin. Even his eyes were teasing her.

"N-nagkakamali ka lang. H-hindi ako nakatitig sa iyo."

Ngumiti lang si Gelier, ngiting puno ng panunukso.

"Bitiwan mo ako, Gelier."

"Kung hahalikan ulit kita ngayon, papayag ka ba?"

Nanigas ang gulugod niya. Kung hahalikan uli siya nito, papayag ba siya? Tinatanong pa ba iyon? Ayaw ng matinong bahagi ng utak niya. But the flesh between her thighs quivered just thinking about the kiss.

Malakas niyang iwinasiwas ang kamay ng binata at tinakbo ang pinto. Parang nakikiisa rito ang panahon dahil biglang bumuhos ang malakas na ulan. Nalaglag ang panga niya at galit na lumingon sa nakaupo nang binata.

He was looking at her too. Hindi na nawala ang mapanuksong ngiti sa labi nito.

"Mukhang gusto nila ng isa pang kiss," anito.

Itinaas niya ang kamao. "Subukan mo lang at

sisiguruhin kong malalagasan ka talaga ng ngipin!"

Walang pag-aalinlangan itong tumayo. Awtomatikong napaatras naman si Azul. Nasaan na ang tapang niya? How can she be so brave when he towered head and shoulders over her?

"P-please, huwag…" lang ang tanging nasabi niya.

The man just smiled sexily at her. "Hmm? Hindi kita marinig." Then, he grabbed her around the waist before she could pull away.

Nanghina na ang mga tuhod ni Azul nang lumapat ang init sa katawan niya mula sa bisig ng binata. Alam niyang wala na siyang kawala pa sa lalaking ito.

# 5

Pigil-pigil ni Gelier ang tawa habang nakatitig sa mukha ni Azul. Malinaw ang pagpipilit nitong huwag magpadarang sa kanya. He knew her kind. Azul was like her mother—ambisyosa at mahalaga rito ang pera. She was the kind that he didn't like. Ang klase ng babaeng iniiwasan niya. Kaya hindi niya maintindihan kung bakit naaakit siya rito at alam niyang ganoon din ito sa kanya.

He gazed down at her lovely face. Nakapikit ito at nakaawang nang bahagya ang mga labi. He was beyond tempted to kiss her lips. Lalo na't alam niyang magpapaubaya ito.

Malakas na kulog ang nagpadilat sa dalaga. Para itong nakawala sa mapang-aliping mahika. Ubod-lakas siya nitong itinulak at walang pagdadalawang-isip na sinuong ang ulan, hindi alintana kung mabasa man ito. Ayaw niya itong sundan pero natagpuan niya ang mga paang patungo sa jeep at minamaniobra iyon palabas ng shop.

Naabutan niya si Azul na naglalakad sa gilid ng kalsada. Nakayakap sa katawan nito ang mga braso at nangangaligkig sa lamig. Napailing na lang si Gelier. Binagalan niya ang pagpapatakbo at umagapay sa mabilis na paglalakad ng dalaga.

"Tigilan mo ako, ha! Sasamain ka sa akin!" sikmat nito sa kanya.

Imbes na mainis ay napantastikuhan pa siya rito. "Sakay na. Basang-basa ka na ng ulan." The hardheaded woman was going to get sick, for sure. Bukod doon, bumabakat na ang hubog ng katawan nito dahil sa nabasang damit. And damn, she had a to-die-for body.

"Ano ngayon kung basang-basa na ako ng ulan? Pakialam mo ba?"

"Kung hindi mo pa nakikita, parang hubad ka na. Pagpipiyestahan ng mga kalalakihan ang katawan mo. Baka mapahamak ka pa."

Niyuko ni Azul ang sarili at mabilis na tumalikod sa kanya. Kinabig niya ang manibela pakanan at huminto sa gilid ng kalsada. "Halika na, ihahatid na kita sa inyo."

Tinitigan siya nito nang masama bago padabog na sumakay sa frontseat ng jeep. Hindi nito inaalis ang mga brasong nakakrus sa tapat ng dibdib nito.

Napailing na lang siya habang nangingiti. "Hindi ko pag-iinteresan iyan," ani Gelier.

Itinirik nito ang mga mata. "Ang labi ko nga pinag-iinteresan mo, ito pa kayang dibdib ko? Huwag kang ipokrito, hoy. Ako pa ba ang lolokohin mo?"

Natawa lang siya. Kung alam lang nito. He had seen women in revealing bikinis with breasts significantly bigger than hers. Doble ang cup

size. Mga mayayamang babaeng nagmula sa may sinasabing pamilya.

"Ano ang iniiling mo riyan, ha? Nakakairita ka!"

"Bakit ang init ng ulo mo sa akin?" tanong niya, sa daan nakatingin, habang maingat na minamaneho ang jeep.

"Dahil halata namang may gusto ka sa akin! Ihinto mo nga muna itong nabubulok mong jeep diyan sa tabi."

Nagkibit-balikat lang si Gelier, at ipinarada ang sasakyan sa tinuro nito. "May pag-uusapan ba tayo?"

Bumuntong-hininga si Azul. "May plano ka bang ligawan ako? Kasi kung meron, huwag mo nang ituloy dahil wala kang mapapala sa akin," walang ligoy nitong sabi.

Tumaas lang ang kilay niya pero hindi siya nagkomento.

Nagpatuloy si Azul. "Hindi ikaw ang lalaking gusto kong maging boypren. Gusto ko mayaman. Aanhin ko naman ang guwapo kung hindi naman ako mabibigyan ng maginhawang buhay? Kaya, pakiusap, kung naghahanap ka ng puwedeng syotain, huwag ako."

Hindi kababakasan ng inseguridad ang mukha niya. He even smiled coolly at her. "Okay."

"Okay?" Nagsalubong ang mga kilay nito. "Iyan lang ang sasabihin mo?"

"Oo. Ano pa ba dapat? Ayaw mo sa akin, di okay. Sige na, ihahatid na kita sa bahay n'yo." Ibinalik

na niya ang mga mata sa kalsada at kampanteng sumipol. Sa gilid ng kanyang mga mata ay nahagip niya ang paghalukipkip ng dalaga. He suppressed a smile.

“Sino iyang kasama mo?” tanong ng Nanay Estrella niya, nakatingin ito kay Gelier. Bumaba ang binata at magalang na nagmano sa nanay niya.

May lumang canopy sa harapan ng bahay nila kaya hindi sila nababasa ng ulan.

“Ako po si Gelier. Sa shop ni Mang Gobong ho ako nagtatrabaho. Inihatid ko lang itong dalaga n’yo dahil baka mapulmonya. Basang-basa na ng ulan, eh.”

Inirapan niya ito at dumerecho sa loob ng bahay pero nagkubli siya sa likod ng pinto at patuloy na nakinig. Baka kung anu-ano pa ang sabihin nito sa nanay niya. Mukha pa namang hindi mapagkakatiwalaan ang damuho.

“Salamat, napakabait mo, Gelier. Ako nga pala ang nanay ni Azul. ‘Nanay Estrella’ na lang ang itawag mo sa akin. Ang tatay naman ni Azul ay nasa junkshop pa,” anang ginang.

Napaismid siya, hindi niya naawat ang sarili na muling lumabas at lapitan ang mga ito. “Anong junkshop, ’Nay? Ang sabihin natin ay tuluyan nang ‘sumakabilang-bahay.’ Sumama sa kumare n’yo po.”

“Azul!” saway ni Estrella sa anak. Tumingin ito sa malakas na ulan saka bumaling kay Gelier. “Mabuti

pa'y pumasok ka na rin muna. Dito ka na magpatila. Delikadong magmaneho kung ganito kalakas ang ulan."

Namilog ang mga mata ni Azul. "'Nay! Huwag na po!" protesta niya. Bumaling siya sa lalaki. "Umalis ka na, Gelier! Nakakaabala ka na!"

Pinalo siya sa binti ng nanay niya gamit ang payong na nadampot lang nito sa gilid. "Itong batang ito! Huwag kang bastos, Azul. Hindi kita pinalaking ganiyan." Tumingin ito kay Gelier, humihingi ng dispensa. "P'asok ka. Dito ka na rin tuloy maghapunan."

Ngumiti si Gelier at tumango. Ang damuho, hindi man lang nahiya! Umoo agad. Nauna na siyang humakbang papasok ng bahay at padabog na tinungo ang kuwarto niya. Nagpalit siya ng malinis at tuyong damit. Mamaya na lang siya maliligo.

Tumungo na siya sa kusina. Nasa hapag na ang bandehado ng kanin, tuyo, kamatis, at sawsawang may sili.

Tinitigan niya ang binata. Halos hindi ito magkasya sa maliit nilang bahay. Malaking tao ito at mamula-mula ang balat, parang hindi anak-mahirap. Pero marahil dahil isa sa mga magulang nito ay banyaga. Halata naman.

Napansin niya ang pamumula ng mga pisngi nito. Akala mo naman maharlika. Kinuha niya ang tabong may lamang tubig at inilapit kay Gelier.

"Para saan iyan?" tanong nito, nagtataka.

Pinandilatan niya ito ng mga mata. "Para makapaghugas ka po ng kamay."

Sumungaw ang pagkalito sa mukha nito.

Inis siyang umungol. "Kung makaarte ka naman, pareho tayong sanay sa ganito. Dali na, gutom na gutom na ako. Huwag kang mag-alala, hindi ka mate-tetano sa tubig namin dito."

May pag-aatubili sa kilos ng lalaki. Pero naghugas din ito ng kamay. Pagkatapos ay hindi na ito gumalaw at tumingin lang sa tuyo.

Nagtaka na siya. Naupo siya sa tabi nito at siniko ito sa tagiliran. "Ano ba, susubuan pa ba kita?" Puno ng sarkasmo ang boses niya.

"Ayaw mo ba sa ulam, Gelier?" tanong ni Estrella na naupo na sa silyang kaharap ng kinapupuwestuhan ng binata.

"Naku, 'Nay, nag-iinarte lang iyan. Mas mahirap pa sa atin 'tong lalaking ito."

Biglang tumunog ang cellphone ni Gelier. "Si boss," anito pagkatapos makita ang pangalan ni Mang Gobong sa screen. "'Nay Estrella, ipagpaumanhin n'yo po, pero kailangan ko nang bumalik sa shop. Hinahanap na po yata ako. Hindi kasi ako nakapagpaalam nang maayos kanina at bigla na lang akong umalis ng talyer."

"Hindi ka man lang ba kakain muna? Kahit kaunti lang para magkalaman ang tiyan mo."

Magalang itong umiling at mainit na ngumiti. "Hindi na po siguro, 'Nay Estrella. Pero salamat ho

talaga."

Tumingin ang matanda sa labas ng bintana. "Kung gan'un ay mag-iingat ka, mukhang patila na rin naman ang ulan."

Tumango ang binata at nagpaalam na. Naiwan sila ng kanyang ina sa kusina. Wala sa loob na napatingin siya sa plato ni Gelier. Bakit kaya hindi man lang nito ginalaw iyon?